

# **TAMA NA! TAPUSIN NA!** **TUWID NA DAAN NG HACIENDERONG PANGULO,** **PUNO NG PANGANGAMKAM, PANDARAHAS AT PANLOLOKO!**



HULING SONA - o STATE OF THE NATION ADDRESS - na ng hacienderong pangulong BS Aquino ngayong Hulyo 27. Aasahang uulanin na naman ang sam-bayanan ng pambobola at panloloko.

Ang Hacienda Luisita ang pinakamatingkad na patunay ng pagiging kontra-magsasaka ni Aquino. Sa loob ng limang taong panunungku-lan, ginamit niya ang lahat ng rekurso ng go-byerno upang patuloy na ipagkait ang lupang makatarungang para sa magbubukid. Sa kabila ng utos ng Korte Suprema na ipamahagi na ang lupa at ipawalang-bisa ang bulok at mapan-linlang na Stock Distribution Option o SDO na ipinatupad dito, pinasahol na panloloko, pan-darahas at pangangamkam ang naranasan ng manggagawang-bukid sa ilalim ni BS Aquino.

Ginunita ang sampung taon ng masaker sa Hacienda Luisita, ngunit mailap pa rin ang lupa at hustisya. Sa ilalim ni BS Aquino, dalawang beses binasura ang kaso laban sa pulis, militar at iba pang sangkot dito. Sa halip na maparusahan, promosyon ang iginawad ni BS Aquino sa mga berdugong opisyal na nanguna sa pagpaslang sa mga magsasaka, gaya ni Gen. Ricardo Visaya na hepe ng SOLCOM at ni AFP Chief Gregorio Cat-apang na kareretiro lang. Samantala, tuluy-tuloy ang paglabag sa karapatan ng mga magbubukid

- pananakot, pagpatay, pagbuldoser sa mga pananim, panununog ng mga kubo, pananakit at ilegal na pag-aresto.

Korupsyon at panunuhol sa pamamagitan ng ilegal na Disbursement Acceleration Program (DAP) ang ginamit ng rehimen upang patal-sikin ang dating punong mahistrado ng Korte Suprema na si Corona, para makontrol ang korte at muling makapagmaniobra sa Luisita ang kanyang pamilya at mga kasosyo. DAP din ang ginamit para bayaran ang pamilya Aquino-Cojuangco ng tumataginting na P471.5 milyon para sa lupaing patuloy na ipinagkakait sa mga magbubukid.

Samantala, iniraratsada na sa Luisita ang mga "proyektong pangkaunlaran" gaya ng solar project, pagpapalit-gamit ng lupa at pagbabalasa sa mga ari-arian ng mga Aquino-Cojuangco -- na nagresulta na sa malawakang tanggalan ng trabaho sa asukarera, at maaaring humantong sa malawakang dislokasyon at pagpapalayas sa mga komunidad ng mga magbubukid. Ginigisa sa sariling mantika ang mga magbubukid na

nawalan na ng trabaho, kabuhayan, at kontrol sa lupa dahil sa aryendo at rekonsentrasyon ng mga ito pabalik sa mga panginoong-maylupa.

Ang talamak na paglabag sa karapatang-pantao na kakambal ng huwad na reporma sa lupa sa Luisita ay salamin ng sitwasyon ng daan-libong manggagawang-bukid at manggagawa sa agrikultura sa buong bansa.

Tuta ng imperyalismo ang hacienderong pangulo, sunud-sunuran ito sa mga patakarang neoliberal na nagsusubasta ng ating likas-yaman at kalupaan para sa mga dayuhan. Pinirmahan kamakailan ni BS Aquino ang **Sugar Industry Development Act** o **SIDA**, na bagong gatasan ng kurakot ng mga haciendero, habang tinutugunan ng pamahalaan ang mga imperyalistang preskripsyon sa pagbaba ng taripa na papatay sa industriya ng asukal at may malaking epekto sa mga manggagawang-bukid sa tubuhan. Bukod sa pagpapalawig ng huwad na reporma sa lupa sa ilalim ng CARP, tinatangka ni BS Aquino na mailusot ang Charter Change o Cha-Cha upang bigyang daan ang 100% dayuhang pagmamayari sa mga agrikultural na lupain.

Palalalain ng Cha-Cha ang mga iskemang gaya ng SDO at *Agribusiness Venture Arrangement* o AVA. Sa ilalim ng AVA, legal na kinakamkam ng mga multinasyunal at transnasyunal na kumpanya ang malalawak na lupaing agrikultural sa pamamagitan ng mga di-pantay na kasunduan at "sosyohan." Sa AVA, ipinagkakait sa mga manggagawang-bukid ang lupain at kontrol sa malalawak na plantasyon ng produktong pang-eksport gaya ng pinya, saging at *oil palm*.

Nagreresulta rin ang AVA sa mas masahol na pagsasamantala sa mga manggagawa sa plantasyon, gaya ng napakababang pasahod, kontrakwalisasyon at kawalan ng benepisyo at seguridad sa trabaho. Patunay din ang AVA na

tuluyan nang inabandona ng estado ang mga magsasaka at manggagawa sa agrikultura, dahil ibinubuyangyang nito sa mga dayuhang kapitalista ang pandarambong sa ating mga likas na rekurso at lakas-paggawa, at ang buong kontrol at pagtatakda sa gamit sa lupa, pananim, halaga at merkado ng mga produkto.

Ang mga iskema at patakarang ito ay sinusuhan ng CARP. Kahit napatunayang maka-panginoong maylupa at gatasan ng korupsiyon, nais pa ng hacienderong pangulo na palawigin ang pag-iral ng hungkag na batas na ito. Nagtapos na ang CARP noong Hunyo 2014. Para sa mga magsasaka, patay na ang CARP at dapat nang tuluyang ilibing. Mariing panawagan ng mga manggagawa sa agrikultura ang pagsasabatas ng **HB 252 o Genuine Agrarian Reform Bill (GARB)** habang patuloy ang pakikibaka para sa lupa, sahod, trabaho, benepisyo at karapatan.

Sa ilalim ni Aquino, ang mga tagumpay na nakamit - gaya ng makasaysayang desisyon ng Korte Suprema sa Hacienda Luisita - ay pilit na pinawawalang-saysay at binabaliktad. Gayunman, lalo lamang napatunayan ng lumalawak na hanay ng mga magbubukid at manggagawa sa agrikultura sa buong bansa - ang masa na patuloy na nagmamartsa, naglulunsad ng welga, kampanyang bungkalan at iba pang anyo ng pakikibaka -- na ang mga tagumpay na ito ay nakakamit sa pamamagitan ng sama-sama at sustenidong pagkilos para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Kaya tama na ang boladas! Walang pag-unlad, bagkus lugmok sa hirap ang mga magbubukid sa ilalim ng rehimeng BS Aquino. Limang taong walang pagbabago, tapusin na -- patalsikin ang hacienderong rehimeng US-Aquino!



UNYON NG MGA MANGGAGAWA SA AGRIKULTURA

## SUMAMA SA MGA PAGKILOS!

JULY 23

KADENANG MAGSASAKA

JULY 26

PAMBANSANG KOORDINADONG PAGKILOS NG MGA MAGSASAKA

JULY 27

SOLIDARITY NIGHT DAR, QC, Circle

MARTSA SA ARAW NG SONA Commonwealth QC

[www.umapilipinas.wordpress.com](http://www.umapilipinas.wordpress.com)